

Mga Layunin at Detalye ng Survey

■ Ang survey na ito ay isinagawa upang tumpak na masuri ang mga kalagayan ng mga dayuhang residente at ang mga hamon na kinakaharap nila sa kanilang buhay bilang propesyonal, pang-araw-araw na buhay, at buhay sa lipunan, sa layuning mag-ambag sa pagpapalano at pagbubuo ng mga patakaran sa magkasundong pamumuhay kaugnay ng mga dayuhang mamamayan.

■ Isinasagawa taon-taon mula noong FY2020. Ito ang ikalimang survey nito.

■ Upang mapahusay ang pagiging komprehensibo ng survey, nagtipon kami ng Panel ng Eksperto sa Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente ng FY2024, na pinagsama ang kadalubhasaan, malalalim na insight, at malalawak na pananaw ng mga espesyalistang maalam sa mga patakaran sa magkasundong pamumuhay kaugnay ng mga dayuhang mamamayan para sa mga desisyon sa mga item sa survey at pagtitipon ng mga resulta.


→ Batay sa mga resulta ng survey, kami ay magpapalano, bubuo, at magpapatupad ng mga patakaran sa magkasundong pamumuhay kaugnay ng mga dayuhang mamamayan upang mapahusay ang **Roadmap para sa Pagsasakatuparan ng Lipunan ng Magkasundong Pamumuhay Kasama ang Mga Dayuhang Mamamayan** at ang **Komprehensibong Estratehiya ng Pagtugon para sa Pagtanggap at Pakikisama sa Mga Dayuhang Human Resource**, at pinapakilos namin ang buong pamahalaan upang maisakatuparan ang isang lipunan ng magkasundong pamumuhay kasama ang mga dayuhang mamamayan.

Pangkalahatang-ideya ng Survey		
Target ng Survey	■ 20,000 matagal nang residente at pangmatagalang residente at espesyal na permanenteng residente na may edad na 18 pataas *Limitado sa mga taong isang taon o mahigit nang nasa Japan mula sa kanilang pinakakamakailang petsa ng pahintulot sa landing sa Agosto 1, 2024. *Ang mga respondent ng survey ay random na pinili batay sa mga sample size ayon sa nasyonalidad/rehiyon at status ng paninirahan na tinukoy alinsunod sa Mga Istatistika sa Dayuhang Residente (dulo ng Disyembre 2023).	
Bilang ng Valid na Sagot	■ Ipinamahagi: 20,000 survey (kabilang ang 408 hindi naihatid)	■ Mga valid na sagot: 7,621 / Rate ng pagsagot: 38.9%
Paraan ng Survey	■ Web-based na survey (nagpadala ng mga liham ng kahilingan sa kooperasyon na may mga QR code sa mga kalahok, na nag-scan naman sa mga code upang makumpleto ang questionnaire online) ■ Available ang mga screen ng pagsagot sa siyam na wika (Japanese na may furigana, English, Chinese, Korean, Portuguese, Vietnamese, Filipino, Nepali, at Indonesian).	
Mga Item sa Survey	■ Sinuri ng survey ang mga isyung kinakaharap ng mga dayuhang residente sa kanilang buhay bilang propesyonal, pang-araw-araw na buhay, at buhay sa lipunan kaugnay ng mga sumusunod na aspekto: Pag-aaral ng wikang Japanese, access sa impormasyon at mga serbisyo sa konsultasyon, pangangalagang pangkalusugan, pagtugon sa sakuna at emergency, pag-aalaga ng bata at edukasyon, mga pamamalakad sa pagkamatay, pagtatrabaho, paglahok sa lipunan, mga isyu sa karapatang pantao (diskriminasyon), social insurance, status ng kalungkutan, at iba pang nauugnay na usapin	
Panahon ng Survey	■ Setyembre 17, 2024 hanggang Oktubre 7, 2024	
Mahahalagang Tala	■ Ang mga resultang ito ng survey ay kumakatawan sa direktang pagtatala at paglalathala ng mga sagot sa questionnaire, at kailangan ng pag-iingat sa interpretasyon dahil limitado ang mga bilang ng sagot sa ilang resulta. ■ Ipinapakita ang mga numero nang naka-round sa nearest decimal, na maaaring magresulta sa mga porsyentong hindi eksaktong bumubuo sa 100.0% o mga kabuuan sa graph na hindi tumutugma sa mga pangunahing numero sa text. ■ Sa mga graph na naghahambing ng mga nakaraang survey, ang mga opsyon sa pagsagot ay maaaring hindi eksaktong tumugma, ngunit inihahambing ng mga ito ang mga item na may katulad na kahulugan. Ang mga item na walang katulad na opsyon sa mga nakaraang survey ay minamarkahan ng “—”, at hindi pinaghahambing ang mga ito sa mga survey sa mga nakaraang taon na walang maihahambing na tanong. ■ Ang mga item na nauugnay sa mga KPI sa Roadmap para sa Pagsasakatuparan ng Lipunan ng Magkasundong Pamumuhay Kasama ang Mga Dayuhang Mamamayan ay may mga pulang background sa mga pamagat ng graph at talahanayan, bukod pa sa rate ng pagsagot sa survey na ito.	


Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente ng FY2024 – Mga Pangunahing Resulta 1 (Mga Katangian ng Respondent) –

- Ang mga pinakakaraniwang nasyonalidad/rehiyon ng mga respondent ay China (24.9%), Vietnam (18.9%), at Pilipinas (10.9%).
- Ang mga pinakakaraniwang status ng paninirahan ng mga respondent ay Permanenteng Residente (27.4%), Inhinyero/Humanidades/Mga Internasyonal na Serbisyo (13.3%), at Pagsasanay ng Teknikal na Intern (12.7%).
- Ang mga pinakakaraniwang edad ng mga respondent ay 20-29 (30.3%), 30-39 (29.6%), at 40-49 (18.8%).
- Ang pinakakaraniwang kabuuang taon ng paninirahan sa Japan ay 3 taon hanggang wala pang 10 taon (35.4%), 1 taon hanggang wala pang 3 taon (24.4%), at 10 taon hanggang wala pang 20 taon (19.7%).


Nasyonalidad/Rehiyon



(lisang Sagot)




Edad




(lisang Sagot)


Status ng Paninirahan



(lisang Sagot)




Kabuuang Taon ng Paninirahan sa Japan



(lisang Sagot)




(n=7,291)

Kasarian





(n=7,621)

- Ang mga nasisiyahan sa buhay sa Japan (nasisiyahan + medyo nasisiyahan) ay umabot sa 88.2% (tumaas nang 1.9 na porsyento kumpara sa FY2022).
- Ang mga dahilan para sa kasiyahan ay hindi nagbago sa tatlong nangungunang item mula noong FY2022: magandang kapaligiran sa pamumuhay (kalinisan, atbp.) (34.2%), compatibility sa panlipunang kultura at kaugalian sa Japan (18.6%), at magandang pampublikong kaligtasan (14.2%).
- Ang mga dahilan para sa kawalang-kasiyahan ay hindi nagbago sa tatlong nangungunang item mula noong FY2022: mabababang sahod (28.5%), mataas na gastos sa pamumuhay (21.5%), at diskriminasyon laban sa mga dayuhan (15.9%).





- Kaugnay ng mga kahirapan sa pag-aaral ng wikang Japanese, gaya noong FY2022, “Matataas na bayad para sa mga klase sa wikang Japanese at mga paaralan sa wika” (15.8%) ang pinakakaraniwan, na sinusundan ng “Walang malapit na libreng klase sa wikang Japanese” (13.5%) at “Walang klase sa wikang Japanese o paaralan sa wika na available sa mga oras na madali” (11.3%). Tumaas ang “Walang partikular na kahirapan” nang 5.8 porsyento mula noong FY2022.
- Ang mga dahilan para sa hindi pag-aaral ng wikang Japanese ay patuloy na pinangungunahan ng “Hindi na kailangang mag-aral dahil marunong na akong magsalita ng Japanese” (30.5%) gaya noong FY2022, na sinusundan ng “Walang klase sa wikang Japanese o paaralan sa wika na available sa mga oras na madali” (16.0%).
- Kapag tingnan ang mga dahilan para sa hindi pag-aaral ng Japanese ayon sa laki ng munisipalidad, “Hindi na kailangang mag-aral dahil marunong na akong magsalita ng Japanese” ang pinakamataas sa mga itinalagang lungsod at espesyal na ward, kung saan ang porsyento ay bumababa habang lumiliit ang laki ng munisipalidad. Sa kabaligtaran, “Walang klase sa wikang Japanese o paaralan sa wika na available sa mga oras na madali” at “Walang malapit na klase sa wikang Japanese o paaralan sa wika” ang pinakamababa sa mga itinalagang lungsod at espesyal na ward, kung saan tumataas ang mga porsyento habang lumiliit ang laki ng munisipalidad.





Kakayahan sa Wikang Japanese (Pagbabasa) ayon sa Laki ng Munisipalidad				(Iisang Sagot)
	Madaling nakakabasa ng anumang nilalaman	Nakakabasa ng mga email na nakasulat sa pang-araw-araw na pananalita	Nakakabasa ng mga simple at maikling text tungkol sa mga pamilyar na paksa	Hindi talaga nakakaintindi
Mga itinalagang lungsod/Mga espesyal na ward	19.5%	23.5%	21.5%	7.7%
Mga lungsod na may 200,000+ populasyon	12.6%	20.6%	30.8%	9.8%
Mga lungsod na may populasyong wala pang 200,000	9.0%	18.1%	35.0%	13.1%
Mga bayan at purok	6.2%	18.2%	38.5%	14.6%

Mga Dahilan para sa Hindi Pag-aaral ng Japanese ayon sa Laki ng Munisipalidad				(Maraming Sagot)
	Hindi na kailangang mag-aral dahil marunong na akong magsalita ng Japanese	Walang klase/paaralan sa wikang Japanese sa mga oras na madali	Walang malapit na klase/paaralan sa wikang Japanese	
Mga itinalagang lungsod/Mga espesyal na ward	41.0%	14.2%	5.1%	
Mga lungsod na may 200,000+ populasyon	28.6%	15.3%	7.8%	
Mga lungsod na may populasyong wala pang 200,000	21.9%	18.7%	10.7%	
Mga bayan at purok	17.4%	19.1%	14.0%	




- Kaugnay ng mga kahirapan sa pag-access ng impormasyon mula sa mga pampublikong institusyon, kabilang sa mga nakaranas ng mga kahirapan, ang tatlong nangungunang item ay hindi nagbago mula noong FY2022: “Limitado ang available na impormasyon sa maraming wika” (17.0%), “Kahirapan sa paghahanap ng kinakailangang impormasyon sa mga website ng pampublikong institusyon” (9.3%), at “Limitado ang available na impormasyon sa Japanese na madaling maintindihan” (9.1%). Lahat ng kahirapan maliban sa “Iba pa” ay patuloy na bumaba ang porsyento, habang ang “Walang partikular na kahirapan sa nakaraang taon” ay tumaas nang 8.0 porsyento mula noong FY2022.
- Kaugnay ng mga kahirapan kapag sinusubukang kumonsulta sa mga pampublikong institusyon, kabilang sa mga nakaranas ng mga kahirapan, ang mga pinakakaraniwan ay “Hindi alam kung saan kokonsulta” (16.2%), “Kinailangang lumiban sa trabaho o paaralan upang kumonsulta” (12.6%), at “Walang available o masyadong kaunti ang mga interpreter” (8.4%), sa ganitong pagkakasunod-sunod.



- Kaugnay ng mga kahirapan kapag sinusubukang kumuha ng mga medikal na eksaminasyon at paggamot sa mga ospital, ang “Hindi alam kung saan makakahanap ng mga ospital na maaaring magbigay ng mga naaangkop na eksaminasyon at paggamot para sa aking mga sintomas” (10.3%), na pangalawa sa pinakakaraniwan noong FY2022, ay naging pinakakaraniwan. Ang “Hindi tumpak na maipabatid ang mga sintomas sa ospital” (10.2%), na pinakakaraniwan noong FY2022, ay naging pangalawa sa pinakakaraniwan. Dagdag pa rito, ang “Walang partikular na kahirapan sa nakaraang taon” ay tumaas nang 9.0 na porsyento mula noong FY2022.
- Kaugnay ng mga kahirapan sa mga panahon ng sakuna, gaya noong FY2022, “Hindi alam kung saan kukuha ng maaasahang impormasyon” (7.0%) ang pinakakaraniwan. Kung titingnan ayon sa rehiyon ng tirahan, sa rehiyon ng Hokuriku, na nakaranas ng matinding pinsala dahil sa Lindol sa Noto Peninsula noong 2024, ang “Hindi alam ang mga evacuation site” (11.8%) ay pinakakaraniwan, na nagpapakita ng magkaibang trend.

Mga Kahirapan Kapag Sinusubukang Kumuha ng Mga Medikal na Eksaminasyon/Paggamot sa Mga Ospital sa Nakaraang Taon

(Maraming Sagot)



Mga Kahirapan sa Mga Panahon ng Sakuna sa Nakaraang Taon


(Maraming Sagot)



Sa rehiyon ng Hokuriku, ang “Hindi alam ang mga evacuation site” ay ang pinakakaraniwang sagot (11.8%), ang pinakamataas na porsyento sa buong bansa.





Sinundan ito ng “Hindi maintindihan ang impormasyon sa paglikas tulad ng mga babala at paalala dahil hindi ibinigay ang mga ito sa maraming wika” (8.6%) at “Natagalan ang pagkuha ng impormasyon” (7.0%).

Sagot Noong Nagkaroon ng Problema Kaugnay ng Wika sa Mga Medikal na Eksaminasyon/Paggamot sa Nakaraang Taon






Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente ng FY2024 – Mga Pangunahing Resulta 6 (Pag-aalaga ng Bata at Edukasyon)–

- Kaugnay ng mga kahirapan sa pagbubuntis at panganganak, kabilang sa mga nakaranas ng mga kahirapan, gaya noong FY2022, “Matataas na gastusin para sa pagbubuntis at panganganak” (8.5%) ang pinakakaraniwan, na sinusundan ng bagong idinagdag na opsyon na “Hindi alam kung anong mga pamamaraan ang dapat sundin pagkatapos maipanganak ang isang sanggol” (4.5%).
- Kaugnay ng status ng pag-enroll sa paaralan ng mga batang may edad na 6 hanggang 15, ang porsyentong hindi naka-enroll sa paaralan ay 0.9%, na bumaba nang 1.7 porsyento mula noong FY2022.
- Kaugnay ng mga aktibidad ng mga bata mula Setyembre 1 hanggang 14 (edad 6-15), “Nag-aral sa paaralan, kindergarten, nursery school, atbp.” (87.9%) ang pinakakaraniwan, na sinusundan ng “Walang partikular na ginawa” (6.0%), “Mga gawaing-bahay, pag-aalaga sa pamilya” (2.1%), at “Iba pa” (1.7%).





Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente ng FY2024 – Mga Pangunahing Resulta 7 (Pagtatrabaho at Mga Pamamalakad sa Katapusan ng Buhay) –

- Ang mga pinakakaraniwang kahirapan na nauugnay sa trabaho ay “Mabababang sahod” (33.3%), “Mahirap lumiban” (8.1%), at “Mahahabang oras ng pagtatrabaho” (7.7%). Ang “Mabababang sahod” ay palagiang pinakakaraniwan mula pa noong nagsimula ang survey noong FY2020.
- Kaugnay ng mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa mga pamamalakad sa katapusan ng buhay, “Hindi kailanman naisip na kumuha ng ganitong impormasyon” (38.3%) ang pinakakaraniwan. Sa mga mapagkukunan ng impormasyon, “Pamilya, mga kamag-anak, kaibigan, at kakilala” (22.0%) ang pinakakaraniwan.



- Ang mga pinakamadalas na ninanais na aktibidad kasama ang ibang tao ay “Mga panggrupong aktibidad kasama ang mga taong may mga parehong hilig” (26.5%), na sinusundan ng “Mga aktibidad sa pagboluntaryo (pag-interpret, paglilinis, atbp.)” (21.1%) at “Pagsali sa mga asosasyon sa kapitbahayan at mga asosasyon ng mga residente” (12.0%).
- Kung titingnan ayon sa ninanais na pananatili sa Japan sa hinaharap, may tendensiyang tumaas ang porsyento ng mga taong gustong lumahok sa mga lokal na aktibidad gaya ng pagboluntaryo at mga asosasyon ng mga residente habang tumataas ang ninanais na tagal ng pananatili sa Japan.
- Ang pinakakaraniwang kahirapan sa paglahok sa lipunan ay “Hindi alam kung anong mga uri ng mga aktibidad ang isinasagawa” (25.0%).






Mga Ninanais na Aktibidad Kasama ang Ibang Tao ayon sa Mga Layunin sa Pananatili sa Japan sa Hinaharap						
	Pagsali sa mga asosasyon sa kapitbahayan/mga asosasyon ng mga residente	Pagsali sa mga boluntaryong brigada laban sa sunog	Mga tungkulin bilang opisyal ng PTA at mga aktibidad ng PTA	Mga boluntaryong aktibidad (pag-interpret, paglilinis, atbp.)	Kooperasyon sa mga administratibong aktibidad (iba't ibang komite, atbp.)	Ayaw lumahok
Gustong manatili sa Japan nang permanente	14.6%	4.0%	5.8%	23.5%	7.2%	22.0%
Gustong manatili nang humigit-kumulang 10 taon	7.1%	3.7%	3.3%	22.3%	5.3%	25.7%
Gustong manatili nang humigit-kumulang 5 taon	6.3%	1.5%	2.0%	18.1%	3.6%	26.4%
Gustong umuwi o pumunta sa ibang bansa sa loob ng humigit-kumulang 1 taon	8.2%	1.6%	1.1%	19.6%	3.8%	35.3%

(Maraming Sagot)

Mga Mabisang Inisyatiba para sa Pagbuo ng Kamalayan Tungo sa Pagsasakatuparan ng Lipunang Nakikipagtulungan - 5 Nangungunang Item		
(5 Nangungunang Item) (n=7,621) *Ang mga numero sa mga panaklong ay mula sa survey noong FY2022		
Una	Mga kaganapan upang maranasan ang mga kultura ng iba't ibang bansa (kultura sa pagkain, atbp.)	45.6% (44.7%)
Ika-2	Mga kaganapan upang maranasan ang kultura ng Japan	32.8% (37.0%)
Ika-3	Mga kaganapan upang magpalaganap ng kamalayan tungkol sa paggalang sa mga karapatang pantao	28.6% (28.1%)
Ika-4	Mga kaganapang may tema ng pagsasakatuparan ng isang lipunang nakikipagtulungan sa mga dayuhan	26.7% (31.8%)
Ika-5	Madadaling kurso sa wikang Japanese	25.2% (25.3%)



(Maraming Sagot)

- Ang mga sitwasyon kung saan nakaranas ng diskriminasyon ay hindi nagbago sa tatlong nangungunang item mula noong FY2021: “Kapag naghahanap ng tirahan” (17.4%), “Habang nagtatrabaho” (14.2%), at “Kapag naghahanap ng trabaho” (12.4%).
- Ang mga partidong responsable para sa diskriminasyon ay hindi nagbago sa tatlong nangungunang item mula noong FY2022: “Mga hindi kilala” (43.6%), “Mga tauhan sa lugar ng trabaho” (31.4%), at “Mga tauhan ng pabahay/real estate” (25.1%).
- Ang porsyento ng mga taong nakaranas ng mapoot na pananalita ay 12.7%. Ang porsyentong hindi nakaranas ngunit nakakita o nakarinig nito ay 31.6%. Ang mga lugar kung saan ito nararanas o nasaksihan sa pinakakaraniwan ay ang “Internet” (65.5%), “Mga kampanya sa lansangan” (19.0%), at “Mga demonstrasyon” (18.7%), sa ganitong pagkakasunod-sunod.



Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente ng FY2024 – Mga Pangunahing Resulta 10 (Social Insurance, Kalungkutan, at Mga Plano sa Hinaharap) –


- Ang mga kahirapan hinggil sa sistema ng insurance sa pangmatagalang pangangalaga ay patuloy na pinangungunahan ng “Hindi maintindihan ang detalyadong nilalaman ng sistema” (36.6%) mula noong FY2021.
- 24.7% ang sumagot na “minsan” ay nalulungkot sila, na tumaas nang 2.0 porsyento mula noong survey ng FY2023. Samantala, 7.3% ang sumagot ng “madalas/palagi,” na bumaba nang 0.6 porsyento mula noong survey ng FY2023. Ang mga porsyento ng mga sumagot ng “madalas/palagi” at “minsan” ay parehong mas mataas kumpara sa “Pangunahing Survey sa Mga Koneksyong Pantao ng FY2023” (Cabinet Secretariat) (target ng survey: 20,000 indibidwal na may edad na 16 pataas sa buong bansa).



Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Tungkol sa Sistema ng Pensyon (5 Nangungunang Item) (n=7,544)


*Ang mga numero sa mga panaklong ay mula sa survey noong FY2022

Una	Lugar ng trabaho	25.2% (26.1%)
Ika-2	Mga liham at dokumentong ipinadala mula sa mga tanggapan ng pensyon ng Japan Pension Service	23.4% (25.2%)
Ika-3	Pamilya at mga kamag-anak	17.9% (21.1%)
Ika-4	Mga kaibigan at kakilala na mula sa parehong nasyonalidad/rehiyon	17.0% (15.3%)
Ika-5	Mga kaibigan at kakilala na Japanese	16.9% (17.6%)




- Kaugnay ng mga web page at inisyatiba para sa suporta sa dayuhang residente, mahigit 80% ang sumagot na “hindi nila alam” ang tungkol sa mga ito.
 - Site ng Portal ng Suporta sa mga Dayuhang Residente – https://www.moj.go.jp/isa/other_languages.html?hl=tl https://tsunagarujp.mext.go.jp/?lang_id=PH ○ Ikonekta at Pagandahin ang Iyong Buhay sa Japanese –
 - Foreign Residents Support Center (FRESC) – <https://www.moj.go.jp/isa/support/fresc/fresc01.html?hl=tl>
 - Buwan ng Promosyon sa Buhay na May Harmony – https://www.moj.go.jp/isa/support/coexistence/04_00066.html?hl=tl
 - Roadmap para sa Pagsasakatuparan ng Lipunan ng Magkasundong Pamumuhay Kasama ang Mga Dayuhang Mamamayan – https://www.moj.go.jp/isa/support/coexistence/04_00033.html?hl=tl
- Kaugnay ng kinakailangang suporta at mga inisyatiba, ang tatlong nangungunang item ay hindi nagbago mula noong FY2022: “Wika” (57.7%), “Trabaho” (47.2%), at “Diskriminasyon batay sa lahi, pantay na pagkakataon, paggalang sa mga indibidwal” (39.2%).


Site ng Portal ng Suporta sa mga Dayuhang Residente




Foreign Residents Support Center (FRESC)




Roadmap para sa Pagsasakatuparan ng Lipunan ng Magkasundong Pamumuhay Kasama ang Mga Dayuhang Mamamayan



Buwan ng Promosyon sa Buhay na May Harmony



Kinakailangang Suporta at Mga Inisyatiba



(Maraming Sagot)

■ Kasama sa survey na ito ang isang tanong na “Anong mga uri ng suporta, inisyatiba, at sistema ang kailangan para bumuti ang pamumuhay ng mga dayuhang residente sa Japan?” Una, pumili ang mga respondent mula sa mga opsyong gaya ng “Wika,” “Trabaho,” “Pagbibigay ng impormasyon,” atbp. (pinapayagang pumili ng marami), pagkatapos ay nagbigay sila ng mga free-form na nakasulat na sagot. Ang mga opinyon at kahilingan ayon sa field ay gaya ng mga sumusunod (isinasaad ng mga numero sa tabi ng bawat field kung ilan ang pumili sa item na iyon. Sinipi ang mga free-form na sagot mula sa 6,198 sagot na hindi kasama ang “Wala sa partikular,” “Mangyaring ingatan ito,” atbp. Iwinasto ang mga malinaw na typo at impormasyong maaaring tumukoy sa mga indibidwal, at hindi kumpleto ang pagsipi sa ilang sagot. Isinalin sa Japanese ang mga sagot na nasa wikang bukod pa sa Japanese.).

*Ang mga opinyong ipinapakita ay inilathala bilang mga opinyon ng indibidwal na respondent at hindi sumasalamin ang mga ito sa mga pananaw na nakabatay sa katotohanan sa lahat ng kaso.

Wika (4,401 sagot)

- Suporta sa Pag-aaral ng Wikang Japanese
 - Gusto ko sanang idaos ng mga kurso sa wikang Japanese nang may pagsasaalang-alang sa pag-iskedyul, kabilang ang mga weekend at malawak na hanay ng mga oras. Dahil hindi makadalo ang ilan dahil sa trabaho at mga sitwasyon sa pamilya, ang naturang pagsasaalang-alang ay pinahahalagahan. Sa tingin ko, makabubuting magkaroon ng mga sistema ng suporta para sa pagkuha ng mga sertipikasyon sa wikang Japanese. (40s, babae)
 - Gusto kong magtatag ng mas maraming silid-aralan sa wikang Japanese at mas maiigting na pagsisikap sa promosyon. Sa kasalukuyan, ang tanging opsyon ay pumunta sa tanggapan ng ward upang magtanong, at walang malapit sa bahay ko. Limitado ang mga paraan sa pagkuha ng impormasyon. (30s, babae)
 - Ang pinakamalalaking hadlang para makapamuhay nang maayos sa Japan ang mga dayuhang residente ay ang hadlang sa wika at hindi sapat na pag-unawa sa mga bagay na normal lang sa Japan ngunit maaaring hindi ganoon kanormal sa mga bansang pinagmulan ng mga dayuhang residente. Sa tingin ko, ang pinakaepektibong paraan upang matulungan ang mga dayuhan dito ay magbigay ng suporta sa wika at tulungan silang maunawaan ang mga pang-araw-araw na kagalian. Ito rin ay humahantong sa pagbibigay-kakayahan sa mga dayuhan na maging nagsasarili at nag-aambag sa lipunan, kaya ang tulong sa magandang trabaho ay kapaki-pakinabang din. (40s, lalaki)
- Multilingual na Suporta
 - Kung marami pang serbisyo sa maraming wika sa mga lugar tulad ng mga tanggapan ng lungsod at ward, sa tingin ko ay mas makabubuti ito para sa mga dayuhan. Hindi marunong mag-Japanese ang nanay ko, kaya madalas ko siyang sinasamahan sa pagsasagawa ng mga pamamalakad sa mga tanggapan ng pamahalaan. Samakatwid, umaasa ako na magbibigay ang mga tanggapan ng pamahalaan ng mas maraming serbisyo sa wika. (tinedyer, lalaki)
- Madaling Japanese, atbp.
 - Bagama't sa tingin ko ay tungkulin ng mga dayuhang naninirahan sa Japan na matuto ng Japanese na sapat para sa pang-araw-araw na buhay, maraming mapagkukunan ng impormasyon, pamamalakad para sa dokumento, at manwal sa pagtuturo para sa mga dayuhan ang nakasulat sa Japanese na hindi gaanong madali, at kahit na isalin, maraming lugar ang nagbibigay lang ng mga pagsasalin sa English. Sa halip na isulat lang ang kanji sa hiragana, sana ay isulat ang mga espesyal na termino upang maunawaan ito ng sinuman. (20s, babae)
 - Pakiramdam ko ay may mga hamon sa pagbibigay ng impormasyong madaling maunawaan. Bagama't mahalaga ang pagpapalaganap ng madaling Japanese at komunikasyon sa maraming wika, sa palagay ko ay may mga isyu pa rin ang ilang rehiyon at administratibong institusyon sa pakikitungo sa mga dayuhan. May ilang taong itinataboy sa mga munisipyo kung saan ang mga kawani ay hindi man lang sumubok na magsalita ng wastong wikang Japanese, lalo na ang English, at sinasabi nilang “Mangyaring magdala ng isang kaibigan na marunong magsalita ng Japanese.” Sana ay magpatupad ng mga inisyatibang tulad ng madadaling kurso sa Japanese at pagsasanay para sa pakikitungo sa mga dayuhan (lalo na mga paraan ng komunikasyon). (20s, lalaki)

Diskriminasyon Batay sa Lahi, Pantay na Pagkakataon, at Paggalang sa Mga Indibidwal (2,987 sagot)

- Dahil ang pagtrato sa mga tao sa paaralan ay bumabago sa kanilang personalidad at paraan ng pag-iisip (gaya ng ginawa nito para sa akin), sa tingin ko ay napakahalagang tugunan ang mga negatibong pagtingin at diskriminasyon laban sa mga dayuhan hangga't maaari mula sa murang edad. Gayunpaman, dahil maaaring magkaroon ng mga problema sa mga dayuhang bata at pati na sa mga batang Japanese, hindi ito tungkol sa kagustuhan para sa natatanging pagtrato, kundi sa kagustuhan para sa pantay na pagtrato. (tinedyer, babae)
- Ang unang bagay na gusto kong sabihin sa mga dayuhang naninirahan sa Japan o gustong manirahan dito ay mangyaring sundin ang mga panuntunan sa Japan. Nalalapat ito hindi lang sa Japan ngunit kahit saan ka pumunta. Ang Japan, na mahigpit sa mga panuntunan, ay madalas na nakakakita ng maraming dayuhan na hindi sumusunod sa mga panuntunan at naiisip nitong “hindi sumusunod sa mga panuntunan ang mga dayuhan.” Sa napakaraming dayuhan na sumusunod nang maayos sa mga panuntunan, masakit isiping nahuhusgahan ang lahat sa parehong paraan dahil sa mga hindi sumusunod. Dito nagsisimula ang problema ng diskriminasyon. Bagama't tiyak na isyu ang wika, higit pa rito, sundin natin nang maayos ang mga panuntunan saan man tayo magpunta at magtulungan tayong gumawa ng mas magandang kapaligiran at mas magandang mundo. (Batay sa mga personal na karanasan sa paligid ko.) (30s, babae)
- Makabubuting magkaroon ng mga pagkakataong makatanggap ng malilinaw na paliwanag tungkol sa “mga asal/panuntunan sa Japan” at “mga pagkakaiba sa pagitan ng mga kaugalian sa Japan at bansang pinagmulan at kung paano haharapin ang mga ito.” Alam kong mahirap ito, ngunit... Nakakita ako ng mga halimbawa ng mga dayuhan na malapit sa akin na naramdamang “nakakaranas sila ng diskriminasyon/nahihirapan silang makipamuhay” dahil sa mga hindi pagkakaunawaan sa mga Japanese na dulot ng hindi pagiging maalam sa mga panuntunan sa Japan o dahil hindi nila alam na iba ang mga pakikitungo sa mga bansang pinagmulan nila. (30s, babae)
- Sa tingin ko ay kailangan nating magsimula sa edukasyon sa elementarya. Sinabihan ang anak ko ng mga kaklase niya na isa siyang dayuhang nasa ika-4 na baitang at nakaranas siya ng pagtratong nandiskrimina. Pagkatapos magsalita sa klase ng isang guro sa high school tungkol sa kung paano nakakalamang ang mga dayuhan sa pagiging bilingual nila at mas madali silang makakahanap ng mga trabaho sa hinaharap, saka lang nila sinimulang tratuhin siya nang pantay. (50s, babae)
- Ang mga Japanese ay mabait at matulungin, at maraming mabait na miyembro ng kawanihan. Gayunpaman, mukhang nalilito ang karamihan sa mga mamamayang Japanese kapag kinakausap o nilalapitan sila ng mga dayuhan. Totoo ito lalo na kapag nakasakay sa mga tren. Sa mga ganitong sitwasyon, pakiramdam kong kakaiba ako. (20s, babae)
- Sa tingin ko, mabuti kung mababawasan ang mga stereotype laban sa mga dayuhan sa mga pambansang broadcast sa telebisyon. (30s, babae)

Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente ng FY2024 – Mga Opinyon/Kahilingan (2) Pagbibigay ng Trabaho at Impormasyon –

Trabaho (3,594 sagot)

- Mga Kahirapan sa Paghahanap ng Trabaho, atbp.
 - Dahil nag-aral ako ng Japanese nang apat na taon bago ako pumunta at sumunod ako sa mga asal sa Japan, hindi ako nahirapan at bihira akong nakaranas ng diskriminasyon, ngunit habang naghahanap ng trabaho, hindi man lang ako makakuha ng mga pagkakataon sa panayam dahil lang sa mga dahilan tulad ng “kaunting natitirang panahon ng paninirahan” at medyo masakit iyon. (30s, lalaki)
 - Ang aking asawa ay Muslim at nagsusuot siya ng saklob sa ulo, at nahihirapan siyang maghanap ng trabaho. Nag-aaral siya ng Japanese, ngunit nagtapos siya sa graduate school sa bansang pinagmulan namin, may major siya sa project management (civil engineering), at gusto niyang bumuo ng career sa Japan sa hinaharap, kaya gusto namin ng suporta para sa paghahanap ng trabaho. (20s, lalaki)
 - Mga serbisyo sa pagpapalagay sa trabaho: Gumawa ng mga platapormang nag-uugnay sa mga dayuhan sa mga oportunidad sa trabaho nang isinasaalang-alang ang kanilang mga kwalipikasyon at kasanayan sa wika. Mga programa sa pag-integrate sa lugar ng trabaho: Hikayatin ang mga kumpanya na magpatupad ng mga programang tumutulong sa pag-integrate ng mga dayuhang empleyado, gaya ng pagsasanay sa kultura at mga sistema ng pagtuturo. Suporta sa pagnenegosyo: Magbigay ng gabay at suporta para sa mga dayuhang interesadong magsimula ng mga negosyo sa Japan. (30s, lalaki)
 - Sa tingin ko ay trabaho ang pinakamahalagang bagay. Dahil upang patuloy na manirahan sa Japan, magagawa mong mamuhay nang kumportable sa pamamagitan ng trabaho. Gayunpaman, pakiramdam ko ay nagiging mahirap makahanap ng trabaho kapag umabot ka sa isang partikular na edad. Maraming pabrika ang minsang hindi tumatanggap ng mga taong mas matanda sa 50, at itinuturing ko itong mas malalang diskriminasyon kaysa sa iba pang anyo. Anuman ang edad, maraming taong mas malusog kaysa sa mga kabataan. Ang puntong ito ay ang pinakamalaking hamon na kinakaharap ng mga Brazilian na tulad ko. (50s, lalaki)
- Mga Kahirapan Pagkatapos ng Pagtatrabaho, atbp.
 - Kailangan ng higit pang pagsasaalang-alang tungkol sa mga sistema ng welfare sa mga kumpanya kung saan nagtatrabaho ang mga dayuhan. Ito ay upang maiwasan ang mga sitwasyon kung saan ang mga dayuhang empleyado ay namomroblema o itinuturing sa iresponsableng paraan. Upang maiwasan ang mga ilegal na aktibidad, kinakailangang ipaalam at magturo sa mga dayuhan na pumapasok sa Japan ng mga patakaran at parusa. Ang pag-iwas at mahihigpit na hakbang ay kinakailangan upang maiwasan ang kakulangan ng kamalayan. (20s, lalaki)
 - Sa pamamagitan ng survey na ito, nalaman ko na mayroong iba't ibang sistema ng suporta at contact point. Gayunpaman, nanirahan na ako sa Japan nang 24 na taon at nagtatrabaho sa isang malaking kumpanyang Japanese sa nakalipas na 20 taon. Bagama't wala akong kahirapan sa wika, hindi ko alam ang mga sistemang ito, na nagpapahiwatig na ang impormasyon ay hindi nakakarating sa mga nangangailangan nito. Dahil kailangang paglaanan ng oras at pagsisikap ang pagsasaliksik sa lahat ng bagay, sa palagay ko ay magiging epektibo at posible ang pagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng mga lugar ng trabaho sa tulong ng mga pangkalahatang gawain ng korporasyon at mga departamento ng human resources. Gayundin, kahit na nakakatanggap ng pinakamataas na pagtatasa sa performance sa trabaho, may mga hindi maiiwasang pagkalugi sa promosyon, mga pagtaas ng suweldo, at mga sistema ng pagsasanay. Sa halip na magtuon sa mabababaw na bagay tulad ng mga impormasyon at sistema ng kumpanya na inaanunsyo sa publiko, sa palagay ko ay kinakailangang makipagtulungan sa mga kumpanya upang matiyak ang pantay na pagtrato sa pamamagitan ng wastong pag-unawa sa kultura at mga panloob na kalagayan ng bawat kumpanya. Bagama't madaling sabihin na “wala kaming kinukunsinting diskriminasyon,” nararamdaman ko pa rin na may matitinding alalahanin tungkol sa kung ang lahat ng empleyado ba ay talagang maaaring gumamit ng mga sistema ng kumpanya, kung ang mga pagkakataon ba ay tunay na pantay, at kung ang isang taong pinahalagahan at iginagalang sa lugar ng trabaho ay itinuturing na hindi lang kasalukuyang trabahador ngunit bilang isang taong bubuo ng career sa loob ng mga dekada. (40s, lalaki)

Pagbibigay ng Impormasyon (2,185 sagot)

- Nilalaman ng Impormasyon, atbp.
 - Mabisa kung magpapatupad ng mga programa para sa mga dayuhang darating sa Japan sa unang pagkakataon upang matuto tungkol sa mga kaugalian, kultura, at batas sa Japan. Mabisa rin kung magpapatupad ng mga programang malawakang magbibigay-kaalaman tungkol sa mga available na administratibong serbisyo at pasilidad, kabilang ang paminsan-minsang pag-abiso tungkol sa mga binagong batas at regulasyon. (20s, lalaki)
 - Bagama't pakiramdam kong wika ang pinakamahalagang salik, bukod pa rito, sa tingin ko ay maganda kung magpapatupad ng maiikling komprehensibong kurso na kabilangan ng iba't ibang impormasyon tungkol sa pamumuhay sa Japan, mula sa mga pang-araw-araw na sitwasyon sa buhay (kung paano gumamit ng mga tren, bus, bangko, atbp.) hanggang sa mga sistema mismo. Bawat taon, pakiramdam ko ay nakakatanggap ako ng isang bagong dokumento o panukala tungkol sa mga diskwentong hindi ko inakala o kung saan kwalipikado ako bilang mag-aaral (gaya ng mga nauugnay sa insurance sa kalusugan o mga pensyon). Kahit ang isang linggong online na kursong nagpapaliwanag ng mga sistema o kahit mga pangunahing punto lang na dapat isaalang-alang sa buong taon ay makakatulong na. (20s, babae)
 - Gusto ko ng impormasyon tungkol sa mga nursing home at day care center para sa nasa hustong gulang kung saan posible ang komunikasyon sa pamamagitan ng pakikipag-usap dahil plano kong gamitin ang mga ito sa hinaharap. (80s, babae)
- Mga Paraan ng Pagpapalaganap ng Impormasyon, atbp.
 - Kung maaari, gusto ko ng website (tulad ng isang site sa paghahanap) na nagtitipon ng lahat ng impormasyon tungkol sa buhay, mga dokumento, mga pamamalakad, atbp. para sa mga dayuhan upang masaliksik nila kung ano ang kailangan nila. Salamat. (20s, lalaki)
 - Malaking tulong kung lahat ng impormasyon ay may katakana o hiragana (furigana) na nakasulat sa itaas ng kanji! Ang katakana at hiragana ay madaling matandaan, at sa paglipas ng panahon, matututo ang mga dayuhan na magbasa ng kanji at bumigkas nang tama, kaya magiging mas madaling maunawaan ang impormasyon. Lubos nitong mababawasan ang mga kahirapan sa komunikasyon at mga paliwanag sa mga pampublikong institusyon at ahensya ng pamahalaan, at aalisin nito ang pangangailangang maglaan ng maraming oras sa pagpapaliwanag sa mga dayuhan. Maaaring matagalan ang pagdaragdag ng furigana, ngunit sa palagay ko ay mababawasan nito ang stress hindi lang para sa mga lingkod-bayan kundi pati na para sa mga taong naghahanap ng impormasyon. (40s, lalaki)
 - Maraming dayuhan ang hindi nakakabasa o nakakaintindi ng mga bulletin board ng kapitbahayan. Sa lugar na tinirhan ko noon, hindi pinapansin ang bahay namin dahil mga dayuhan kami, at wala talaga akong ideya sa kung ano ang nangyayari sa kapitbahayan. Paminsan-minsang maaaring mabuti kung ang impormasyon tungkol sa lugar at kapitbahayan ay ipapaliwanag sa mga lugar ng trabaho. (50s, babae)
 - Ang pinakamahalagang bagay ay ang paraan at lugar ng promosyon. Mahalagang piliin ang social media na kasalukuyang ginagamit ng karamihan sa mga tao at nagbibigay ng napapanahon at tumpak na opisyal na impormasyon. O kaya, ang pakikipagtulungan sa mga content creator upang makagawa ng mga video na nagpo-promote ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga Japanese at dayuhan ay magiging kapaki-pakinabang din para sa internasyonal na ugnayan. Makakatulong din ito sa mga dayuhan sa mga buhay nila sa Japan. (30s, babae)

Pangunahing Survey para sa mga Dayuhang Residente ng FY2024 – Mga Opinyon/Kahilingan (3) Status ng Paninirahan, Edukasyon, Pabahay, at Ugnayan –

Status ng Paninirahan (2,629 sagot)

- Dahil ang aking kasalukuyang status ng paninirahan ay may maikling panahon ng bisa, noong naisip kong lumipat ng trabaho, kailangan kong isaalang-alang kung ang bagong trabaho ay tumutugma sa aking kasalukuyang status ng paninirahan o kung ako ay maayos na makakuha ng bagong status ng paninirahan. Mayroong maraming uri ng mga status ng paninirahan, bawat isa ay may sariling mga panuntunan, na nagiging paghihiyap sa trabaho. (30s, babae)
 - Dahil ang mga dayuhan ay nagbabayad din ng mga buwis, sa tingin ko ay dapat bigyan ng suporta ang mga dayuhang nagtatrabaho bilang mabubuting mamamayan. Halimbawa, maaaring isaalang-alang ang pagpapadali sa pagkuha ng visa o pagpapaikli ng panahon upang makakuha ng permanenteng paninirahan. Magpapakita ito sa iba pang dayuhan ng halimbawang dapat sundin. (30s, lalaki)
 - May mga trabahong limitado sa mga permanenteng residente. Limitado rin ang pansuportang pagsasanay sa pagtatrabaho sa mga permanenteng residente, mga asawa ng Japanese, at mga mamamayang Japanese. (30s, babae)
 - Mayroon akong work visa, ngunit hindi ko alam kung ano ang magiging epekto nito sa aking visa kung aalis ako sa isang trabahong hindi nababagay sa akin, at hindi ko alam kung gaano katagal ang mayroon ako upang makahanap ng susunod na trabaho pagkatapos umalis. Makakatulong kung may mga nauugnay na paliwanag sa website ng Immigration Services Agency. (20s, babae)
- atbp.

Edukasyon (2,062 sagot)

- Upang mabuo sa lipunan ang kamalayan at pag-unawa tungkol magkasundong pamumuhay kasama ang mga dayuhan, dapat ibigay sa murang edad ang mga pagkakataong matuto tungkol sa magkasundong pamumuhay kasama ang mga dayuhan, at dapat isulong ang pag-aaral tungkol sa magkasundong pamumuhay kasama ang mga dayuhan sa pamamagitan ng mga espesyal na paraan. Mahalagang linangin ang pakiramdam ng "mga pamilyar at normal na bagay" sa mga bata. (40s, babae)
 - Nahihirapan kami sa pag-unawa at pag-angkop sa mga paaralan sa Japan, at kahit ang mismong pag-enroll sa mga bata ay mahirap na. Marami akong kakilala na may parehong mga problema. Sa ilang rehiyon, maaaring napakahirap na makahanap ng mga paaralan na tatanggap ng mga bata, at bilang resulta, maraming tao ang pumipiling papasukin ang kanilang mga anak sa mga banyagang paaralan. (40s, lalaki)
 - Nagtatrabaho ako bilang assistant sa pag-aalaga sa bata. Sa pinagtatrabahuan ko, may mga bata mula sa iba't ibang bansa, ngunit ang edukasyon ay naiiba ayon sa bansa at sa pamilya, at nahihirapan silang umangkop sa edukasyon sa Japan. Upang umangkop ang mga bata sa edukasyon at mga paraan ng pag-aaral sa Japan, sa tingin ko ay kailangan munang maunawaan ng mga magulang ang diwa ng edukasyon sa Japan. (40s, babae)
 - Ang anak ko ay tumatanggap ng edukasyon sa Japan, ngunit ako ay wala talagang natanggap. Nababagabag ako dahil hindi ako makapagbigay ng anumang patnubay sa pag-aaral para sa aking anak. (40s, babae)
 - Hindi ko alam kung saan kukuha ng impormasyon tungkol sa mga sistema at kinakailangang pamamalakad para sa pagsulong ng aking anak sa mas mataas na edukasyon. (40s, lalaki)
 - Ako ay isang inang nagpapalaki ng mga anak sa Japan. Gusto ko ng payo at suporta tungkol sa mga paraan ng edukasyon para sa mga batang pumapasok sa paaralan, gaya ng kung aling mga cram school ang magiging epektibo. (20s, babae)
- atbp.

Pabahay (2,191 sagot)

- Sa industriya ng real estate, ang diskriminasyon laban sa mga dayuhan ay lalong malubha at dapat pagbutihin kaagad. Bago magtanong tungkol sa trabaho, taunang kita, panahon ng pagtatrabaho, at iba pang bagay na dapat itanong kapag umuupa o bumibili ng real estate, madalas kaming itinatoboy dahil lang sa pagiging dayuhang residente. Isa itong karanasan na ako mismo ay nakaranas nang ilang beses. (30s, lalaki)
 - Maraming dayuhan ang nahihirapan sa paghahanap ng tirahan sa Japan. Upang malutas ang problema sa guarantor kapag umuupa ng tirahan ang mga dayuhan at ang limitadong mga opsyon para sa mga pag-aari ng paupahan, ang mga sistema ng suporta sa pabahay para sa mga dayuhan ay dapat palawakin sa kooperasyon ng mga lokal na pamahalaan at industriya ng real estate. Mahalaga ring magbigay ng impormasyon sa pabahay sa maraming wika. Sa pangkalahatan, sa tingin ko, ang pagpapalawak ng suporta sa mga lugar na bumubuo sa pundasyon ng buhay gaya ng wika, trabaho, pabahay, at pangangalagang pangkalusugan ay magsasakatuparan ng isang lipunan kung saan makakapamahay sa Japan ang mga dayuhan nang may higit na kapanatagan. (30s, lalaki)
- atbp.

Ugnayan (1,720 sagot)

- Ugnayan sa Pagitan ng mga Japanese at mga Dayuhan
 - Gusto kong gumawa ang pamahalaan ng Japan ng maraming pagkakataon upang makipag-ugnayan at magbahagi ng impormasyon sa mga Japanese ang mga dayuhang manggagawa sa mga piyesta at kaganapan. (20s, lalaki)
 - Sa tingin ko ay dapat palakasin ang ugnayan at mga relasyon sa pagitan ng mga Japanese at dayuhan. Halimbawa, kung magagawang makipag-ugnayan ng mga taong kararating pa lang sa Japan sa mga mag-aaral na Japanese, magiging mas madali para sa kanila na magpalitan at mangalap ng impormasyon. Dahil karamihan sa mga tao na kararating pa lang sa Japan ay mga kabataan, ang pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataong makipag-ugnayan sa mga mag-aaral na Japanese ay ang pinakamainam na paraan upang bumuo ng mga ugnayan sa isa't isa. Higit pa rito, sa palagay ko ay mapapalakas din nito ang mabubuting ugnayan sa pagitan ng Japan at kanilang mga bansa. (20s, lalaki)
 - Bagama't sa tingin kong ang mga kabataang Japanese ay may bukas na isip at malugod sila sa pagtanggap, pakiramdam ko ay dapat magpatupad ng iba't ibang programa para sa ugnayan sa pagitan ng mga dayuhan at nakatatandang Japanese upang mas matuto sila tungkol sa katangian ng bawat isa at makaranas sila ng iba't ibang kultura. (20s, babae)
 - Sa kasalukuyan, iba-iba ang suporta para sa mga dayuhan ayon sa lokal na pamahalaan. Wala masyadong patnubay para sa mga dayuhang manggagawa na pumapasok sa trabaho upang malawakang umangkop sa kultura ng Japan, o para sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na residente. Samakatwid, maaaring magtulungan ang mga taong mula sa parehong bansa, ngunit naiintindihan ko na mula sa pananaw ng isang Japanese, maaaring nakakatakot na makakita ng mga grupo ng mga taong hindi nagsasalita ng wika mo. Sa tingin ko, ang maliliit na puwang sa komunikasyon ay lumilikha ng mga hindi pagkakaunawaan na humahantong sa poot. Bagama't nakakapagsalita ako ng 100% Japanese at karamihan sa mga kaibigan ko ay Japanese, tinanggihan ako sa mga part-time na trabaho dahil "hindi kami maaaring mag-hire ng mga dayuhan," at kapag naghahanap ng mga paupahan, nasabihan akong "hindi kami nagpapaupa sa mga dayuhan." Iniisip ko kung ang mga sitwasyong ito ay nagkaroon lang ng mga hindi pagkakaunawaan na nabuo ng mga taong iyon sa paglipas ng panahon na nangyaring naidirekta sa akin... Bagama't mahalaga ang suporta para sa mga tinatanggap na dayuhan, sa palagay ko ay kinakailangan ang paggawa ng mga espasyo para sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na residenteng tumanggap sa kanila. At sa tingin ko, kailangan ng mga taong tulad ko, mga dayuhang mamamayan na matagal nang nasa Japan, na magsilbi bilang mga tagapamagitan sa mga espasyong iyon. (30s, lalaki)
 - Ugnayan sa mga Taong Mula sa Parehong Bansa
 - Sa palagay ko, makabubuti kung magkakaroon tayo ng mga pagkakataon sa malapit upang makipag-ugnayan sa mga taong may parehong nasyonalidad o nagsasalita ng parehong katutubong wika. (40s, babae)
- atbp.

Konsultasyon (1,579 sagot)

- Kapag may mga bagay na hindi ko maintindihan o gusto kong malaman, napakaraming opsyon para sa kung saan pupunta o kung kanino makikipag-ugnayan na hindi ko alam kung alin ang pipiliin. (40s, babae)
- Sa tingin ko, makakatulong na magkaroon ng mga contact person o tagapagturo na maaaring gumabay sa amin kapag gumagamit ng iba't ibang sistema. Bagama't hindi kinakailangang one-on-one, ang pagkakaroon ng isang taong madaling makakasagot sa mga tanong (sa sarili naming wika) at makakapagbigay ng mga sagot nang real time ay lubos na makakabawas sa stress at pag-aalala. Halimbawa, nakatakdang pumasok sa elementarya ang aking anak na banyaga sa Abril. Hindi ako masyadong maalam sa mga pamamalakad sa pag-enroll. Magpapadala ba ng gabay? Kailangan ko bang pumunta sa tanggapan ng ward upang irehistro ang aking anak? Hindi ko talaga alam sa puntong ito at hindi ko alam kung kanino magtatanong. Malaking tulong kung makakapagpadala ako ng maikling mensahe sa isang taong nakakaalam ng mga sagot at makakasagot sa loob ng ilang araw. (30s, babae)
- Dahil hindi ko masyadong maintindihan ang kahulugan ng mga salita, hindi ko maiparating nang maayos ang gusto kong sabihin o itanong sa iba. Kaya halos hindi ako makapunta sa mga lokal na pampublikong institusyon at wala akong lakas ng loob na pumunta. Sa halip, kumokonsulta ako sa mga kaibigan at tinatanong ko ang asawa kong Japanese, at palagi ko siyang kasama sa araw-araw na buhay. (60s, babae)
- Sa tingin ko, hindi lang kaming mga dayuhan kundi pati na mga Japanese ang hindi gaanong maalam tungkol sa mga buwis, pensyon, insurance, atbp. Kahit na ipinaliwanag, lahat ng ito ay masalimuot at mahirap intindihin sa simpleng paraan. Maliban doon, sa palagay ko ay nasasanay kami sa mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pamumuhay sa Japan. Mangyaring gumawa ng lugar na nagtuturo kung saan pupunta at kanino kokonsulta depende sa problema, kaya maaari kayong magbukas ng lugar na nagsasabing "kumonsulta dito kapag may problema." Ang gusto kong sabihin sa mga dayuhan ay dahil nakatira kayo sa Japan, mangyaring sundin ang kultura, mga panuntunan, at mga batas ng Japan. (30s, babae)
- Gusto ko na maraming ibigay na window sa konsultasyon para sa mga dayuhan at na aktibong i-promote ang mga window sa konsultasyon sa mga dayuhan upang malaman nila kung saan hihingi ng tulong kapag may problema. (30s, lalaki)
- Gusto kong magtatag ang mga munisipyo ng mga departamento kung saan maaaring bumisita ang mga dayuhan at makakapagsalita sila sa mga sarili nilang wika upang ganap silang maunawaan. (40s, babae)
- Noong unang dumating ang mga magulang ko sa Japan, hindi sila marunong magsalita ng Japanese, hindi sila nakakaintindi ng maraming bagay, at hindi nila alam kung saan kokonsulta o kukuha ng impormasyon. Dahil dito, hindi talaga sila sumali sa sistema ng pensyon. Dahil huli nang pagsisihan ito ngayon, naisip kong napakahalaga sa simula ng pangunahing impormasyon tungkol sa pagtatrabaho. Sa tingin ko ay tataas ang bilang ng mga dayuhang pupunta sa Japan upang magtrabaho, kaya pakiramdam kong mainam kung ang impormasyon tungkol sa mga sistema ng trabaho ng Japan sa iba pang wika at kung saan dapat kumonsulta ay ibabahagi sa mga dayuhang kararating lang sa Japan. (30s, babae)

atbp.

Pangangalagang pangkalusugan (2,108 sagot)

- Gusto kong ipahayag ang aking opinyon tungkol sa mga kahirapang kinakaharap ko. Kaugnay ng mga medikal na eksaminasyon sa mga institusyon ng pangangalagang pangkalusugan, maraming bagay na mahirap para sa mga dayuhan. Sa maraming sitwasyon, hindi namin nagagawang magpatingin sa doktor o hindi namin maintindihan ang opinyon ng doktor! Bagama't nagagawa naming pamahalaan ang mga simpleng sintomas tulad ng ubo't sipon, minsan ay hindi ito posible! Dahil sa mga hadlang sa wika, madalas naming kailangang magbayad para sa mga serbisyo ng interpreter. Bilang resulta, kung minsan ay ang mga bayad sa interpreter ay mas mahal kaysa sa mga gastusing medikal at para sa gamot... Sa pang-araw-araw na buhay, kahit papaano ay nakakaya namin ang wikang Japanese. Sa sitwasyon ko, hindi ako matatas magsalita, ngunit nakakaya ko naman. Gayunpaman, kaugnay ng mga medikal na eksaminasyon, napakahirap dahil ang mga doktor ay nagsasalita ng Japanese na napakahirap intindihin. Sa ilang sitwasyon, na naranasan ko, kailangan ko ng mga gynecological na eksaminasyon, ngunit dahil mahal ang mga serbisyo ng interpreter, palagi kong ipinagpapaliban ang mga ito! Gayunpaman, makakatulong kung ang mga institusyong medikal ay may suporta ng interpreter para sa mga dayuhan, at makakatulong din ang mga serbisyo ng interpreter sa telepono. Sana ay suportahan ng pamahalaan ang lugar na ito. Umaasa akong makakatulong ang aking opinyon sa pagpapabuti ng mga medikal na eksaminasyon. Maraming salamat! (40s, babae)
- Minsan, hindi ko alam kung saan ako pupunta upang magpagamot, at sa panahon ng mga eksaminasyon, hindi ko maintindihan ang ilang salitang Japanese. (20s, babae)
- Sa tingin ko, mabuti kung babawasan ang mga pamamalakad na may papeles sa mga ospital at iba pa. (40s, babae)

atbp.

Mga Buwis (2,383 sagot)

- Kailangan ng mga bersyon sa English ng mga serbisyong nauugnay sa tax return. Dahil maraming dayuhan ang nangangailangang sumailalim sa isang ganap na hindi sinusuportahang proseso bawat taon. Gusto kong may maipatupad na mga kurso o libreng kurso na makakatulong sa mga dayuhan na sumailalim sa prosesong ito. (30s, lalaki)
- Upang gawing mas madali para sa mga dayuhan na manirahan sa Japan, kailangan ng mga serbisyong nauugnay sa wika, pagpapayo, at naaangkop na impormasyon. Karamihan sa mga dayuhan ay walang alam tungkol sa sistema ng buwis at mga implikasyon nito. Samakatwid, ang mga lokal na pamahalaan ay dapat magbigay ng naaangkop na impormasyon hindi lang tungkol sa mga mismong buwis kundi pati na tungkol sa kahulugan ng mga buwis at ang mga kahirinatnan ng hindi pagbabayad ng mga buwis nang maayos. (40s, babae)
- Masyadong mahaba ang pangalan ko para sa mga computer system ng Japan. Sa tanggapan ng buwis, hindi kasya ang pangalan ko sa computer. Taon-taon, nahihirapan ako sa tanggapan ng buwis dahil masyadong mahaba ang pangalan ko. Umaasa akong makakatanggap ang mga computer sa tanggapan ng buwis ng mahahabang pangalan. (50s, lalaki)
- Pangunahin ay ang suporta sa wika para sa mga dayuhan upang magkaroon sila ng mga pagkakataong mag-aral ng Japanese. Sa kaso ng suporta sa buwis, sa tingin ko, karamihan sa mga dayuhan ay hindi naiintindihan ang nilalaman ng mga buwis na dapat nilang bayaran at ang mga dahilan para sa pagbabayad ng mga buwis. Sa tingin ko, kanais-nais para sa pamahalaan ng Japan na magtatag ng mga tanggapan para sa mga dayuhan upang sagutin ang mga tanong ng mga dayuhan tungkol sa mga buwis dito sa Japan. (30s, lalaki)

atbp.

Pensyon (1,954 sagot)

- Ang patnubay at suporta para sa status ng paninirahan, mga buwis, at mga pensyon ay hindi maaaring mawala kapag nakatira sa ibang bansa. Para sa mga Japanese, malamang na tinuturuan sila ng mga magulang ng impormasyon tungkol sa mga buwis at pensyon, ngunit para sa mga dayuhan, kakaunti ang mga taong magtuturo sa amin. Lalo na para sa mga internasyonal na mag-aaral na nakakaranas nito kapag nagiging nagtatrabahong nasa hustong gulang mula sa pagiging mag-aaral, sa tingin ko ay mas kinakailangan ang ganitong suporta. (20s, babae)
- Kung permanenteng titira sa Japan, gusto kong malaman ang tungkol sa mga sistema at mekanismo para sa buhay ng mga dayuhan pagkatapos magretiro na kakailanganin sa hinaharap. (30s, babae)
- Ang mga dayuhang manggagawa na matagal nang nagtatrabaho sa Japan ay naitaguyod na ang kanilang buhay sa Japan, kaya mas maraming tao ang magreretiro sa Japan kaysa bumalik sa mga bansang pinagmulan nila sa hinaharap. Sa palagay ko, mas mainam na magbigay ng impormasyon sa pagpapalano ng buhay sa mga dayuhang manggagawa nang maaga pa lang tungkol sa kung magkano ang pensyon na maaasahan nilang matanggap, kung magkano ang mga pondo sa pagreretiro na kailangan nila, kung paano pangasiwaan ang pangangalaga para sa mga magulang sa mga bansang pinagmulan nila, at ang sarili nilang pangangalaga sa hinaharap, atbp. (60s, lalaki)
- Inaasahan ko ang pamahalaan na magbigay ng malinaw at madaling patnubay sa aplikasyon sa pensyon at mga paraan ng pagtanggap. Gusto ko rin na may magpapakita ng mga detalyadong kalkulasyon ng mga halaga ng benepisyo ng pensyon. (50s, babae)

atbp.

Paglahok sa Pulitika (785 sagot)

- Ang mga taong matagal nang naninirahan sa ibang bansa ay may malaking interes sa pulitika, kaya sa tingin ko ay mabuti kung mayroon silang mga karapatan sa pagboto. (40s, lalaki)
- Ang mga karapatan sa pagboto ay hindi kailangan, ngunit mabuti kung ang mga taong may pangmatagalang paninirahan o permanenteng paninirahan ay mas madaling makakapagpahayag ng mga opinyon sa mga lokal na pamahalaan. (40s, lalaki)

atbp.

Insurance (1,724 sagot)

- Gusto kong ma-interpret at maipaliwanag ang mga sistema ng buwis, pensyon, at insurance ng Japan upang madaling maunawaan ng sinuman ang mga ito, hindi lang sa pamamagitan ng mga display sa maraming wika. (40s, babae)
- Gusto ko ng mga paliwanag tungkol sa kung paano magbayad ng mga buwis at insurance at kung paano maghain ng mga tax return para sa mga dayuhang residente sa Japan. Mangyaring turuan kami upang maunawaan namin ang mga batas na kinakailangan para sa pang-araw-araw na buhay. Gusto kong matutunan ang maraming bagay tungkol sa pang-araw-araw na buhay sa Japan. Hindi sapat ang dalawampung taon upang maunawaan at matutunan ang wikang Japanese at buhay sa Japan. (50s, babae)
- Sa tingin ko, mas makakatulong para sa paninirahan sa Japan kung gagawing mandatory ang mga paliwanag tungkol sa mga pensyon at insurance sa kalusugan mula sa oras ng pagpasok. (30s, babae)

atbp.

Mga Bank Account, Credit Card, at Loan (1,780 sagot)

- Noong bumili ako ng bahay gamit ang isang pautang bago magkaroon ng status ng permanenteng paninirahan, karamihan sa mga bangko ay hindi nagpahiram ng pera. Isang bangko lang ang nagbigay ng pautang, ngunit kinakailangan ang mas matataas na rate ng interes kaysa sa mga Japanese o permanenteng residente. Bumili pa rin ako ng bahay dahil gusto kong magbigay ng magandang kapaligiran sa pamumuhay para sa aking anak, ngunit gusto kong bigyang-pansin din ng mga departamento ng pamahalaan ang problema sa rate ng interes para sa mga pautang sa mga dayuhan na walang permanenteng visa. Umaasa akong ilalapat ang parehong mga rate ng interes gaya ng sa mga Japanese. (40s, lalaki)
- Kahit na mayroon akong maayos na trabaho at nagbabayad ako ng mga buwis, hindi ako makakuha ng credit card. Madaling makakakuha nito ang asawa kong Japanese kahit na wala siyang trabaho. Hindi ba ito prejudice laban sa mga dayuhan? Matagal ko na itong pinag-iisipan. (30s, lalaki)
- Alam na ng nakararami ang malupit na cycle kung saan hindi ka makakakuha ng mobile contract (numero ng telepono) nang walang credit card, kaya hindi ka makakapagbukas ng bank account kung walang numero ng telepono, at napakahirap ng screening para sa credit card kung walang account, kaya nagdudulot ito ng malaking problema para sa mga taong darating sa Japan sa unang pagkakataon o sa mga may kaunting karanasan sa paninirahan. Bagama't mahirap isipin ang mga naaangkop na hakbang, sa minimum, posibleng opsyon ang pagpapaluwag sa screening para sa pampublikong pagpopondo (lalo na ang mga credit card ng Japan Post Bank, atbp.) at mga window sa konsultasyon para sa mga nabanggit at katulad na problema. (20s, lalaki)
- Madalas na nafi-freeze ang mga bank account, at napakahirap kung kailangang pumunta sa bangko upang i-unfreeze ang mga ito sa tuwing mag-e-expire ang residence card. (20s, babae)

atbp.

Mga Sakuna (1,098 sagot)

- Mabuti kung madali naming matututunan ang tungkol sa mga paraan ng pagtugon sa sakuna at lindol. (50s, babae)
- Kinakailangan ang pagpapamahagi ng impormasyon sa maraming wika sa lokal na antas sa panahon ng mga sakuna. (30s, lalaki)
- Nag-aalala ako na sa mga sitwasyon ng sakuna, maaaring kulang ang mga materyal sa English na mas mabilis kong mababasa kaysa sa Japanese. Sa partikular, ang mga awtomatikong maagang babala sa lindol sa aking telepono ay lumalabas muna sa wikang Japanese, pagkatapos ay sa English, ngunit sana ay makapagparehistro ako sa isang lugar upang baguhin ang pagkakasunod-sunod upang mauna ang mga babala sa English. Makakatipid ito ng oras sa mga sitwasyon kung saan ilang segundo lang ang oras upang makapag-react. (30s, lalaki)
- Kapag nagkaroon ng lindol, alam ko sa aking isipan ang dapat gawin, ngunit hindi makagalaw ang katawan ko at napapraning ako. (40s, babae)
- Kung magkaroon ng malaking sakuna sa lungsod kung saan ako nakatira, hindi ko maisip kung saan pupunta o kung ano ang gagawin maliban sa humingi ng suporta mula sa mga katrabaho na mas matagal nang naninirahan dito kaysa sa akin. (30s, lalaki)

atbp.

17

Pag-aalaga ng Bata (1,735 sagot)

- Pagbibigay ng Impormasyon
 - Kailangan din ng mga praktikal na materyal sa wikang Japanese na nauugnay sa pag-aalaga ng bata. Nahihirapan talaga akong magsaliksik ng naaangkop na Japanese para sa pag-aalaga ng bata. Kailangan ng mga group account sa social media kung saan maaaring ibahagi ng mga dayuhan sa Japan ang kanilang mga buhay. (30s, babae)
 - Gusto ko na mas marami ang ibinibigay na medikal na impormasyon at tulong sa mga dayuhan tungkol sa mga problema sa paglaki ng mga bata (mga pagkaantala sa pananalita, autism, iba't ibang congenital na sakit). Mahirap maunawaan ang maraming magkakaugnay na espesyal na termino. (40s, babae)
- Mga Kahirapang Nauugnay sa Pag-aalaga ng Bata
 - Siyempre, gusto kong mag-aral ng Japanese ang anak ko, ngunit gusto ko ring aralin niya ang sarili niyang wika. (50s, babae)
 - Mahalaga rin ang mga pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan ng mga magulang sa isa't isa sa mga paaralan. (80s, lalaki)
 - Gusto ko ng marami pang nursery school. Kung palalakihin namin ang mga bata sa bahay dahil walang trabaho ang mga magulang, hindi mauunawaan ng mga bata ang wikang Japanese at mga asal o kultura sa Japan, at magkakaroon sila ng mga kahirapan sa simula kapag tumuntong sila sa elementarya sa hinaharap. Kung maaari, sa tingin ko, ang mga batang wala pang 3 taong gulang ay dapat na makapasok sa nursery school kahit na hindi nagtatrabaho ang mga magulang. (30s, lalaki)
 - Kapag bata pa ang mga anak at mga dayuhan ang parehong magulang na walang kapaligirang gumagamit ng wikang Japanese, hindi nila maiintindihan ang sinasabi ng mga guro at kaibigan kapag una silang pumasok sa paaralan, na bumubuo ng matinding presyur. Gusto ko ng kapaligiran kung saan maaari silang matuto ng Japanese habang bata pa sila. (40s, lalaki)
 - Masyadong mahaba ang panahon ng paghihintay para sa mga pasilidad ng edukasyon sa maagang pagkabata. (30s, lalaki)

atbp.

Pagkamatay (Pag-secure ng mga Libingan, atbp.) (904 sagot)

- Kapag may pumanaw, maraming pamamalakad ang napakahirap. Pakiramdam ko na bukod pa sa pagluluksa, pasakit ang iba't ibang pamamalakad. (30s, lalaki)
- Nagiging mamahalin ang halaga ng pagbabalik ng mga labi sa bansang pinagmulan. (20s, lalaki)
- Sa madaling salita, lubos akong nasisiyahan sa buhay sa Japan hanggang ngayon at ang mga Japanese sa pangkalahatan ay naging napakabait sa akin, ngunit noong nakaraang taon ay biglaang pumanaw ang asawa kong mamamayang Japanese, kaya napakahirap magsaliksik ng mga sistema tungkol sa kanyang pagkamatay, mga pensyon, atbp. Plano kong ipagpatuloy ang paninirahan nang permanente sa Japan, ngunit iniisip ko kung anong mga uri ng suporta ang matatanggap ko, kung paano ma-access ang totoo at napapanahong impormasyon, kung paano magsimula ng mga negosyo na makakatulong sa pinansyal kong sitwasyon, atbp. Naging mga hamon ang mga problemang ito dahil hanggang ngayon ay lubos akong umaasa sa aking asawa para sa mga gastusin habang nagpapalaki ng mga anak, at tumulong din siya sa mga papeles na nangangailangan ng pagbabasa at pagsusulat sa Japanese. Nasa hustong gulang na ang aking mga anak at malaki ang naitutulong nila sa akin, ngunit nababalisa ako kapag nailisip ang aking kinabukasan bilang isang balo sa Japan. Napakabait ng aking pamilya at mga kaibigan sa Japan, at ako ay lubos na nagpapasalamat. Marami rin sa mga kapaki-pakinabang na website ng pamahalaan sa survey na ito (nakalista sa mga link) ay ganap na hindi ko alam sa kabila ng paninirahan ko rito nang maraming taon, kaya sa palagay ko ay mahalagang mas mahusay na ipalaganap ang impormasyon na may mga kapaki-pakinabang na website gaya ng mga ito. Maaari ba kayong magpadala ng listahan ng kapaki-pakinabang na impormasyon sa English sa lahat ng dayuhan? Kung gayon, hindi na namin kailangang umasa sa posibleng hindi tama o hindi napapanahong impormasyon na makikita sa pamamagitan ng mga random na paghahanap sa internet. Sa pangkalahatan, nararamdaman ko na ang pagkuha ng tumpak na impormasyon tungkol sa mga administratibong pamamalakad, buwis, pensyon, at aktibidad sa komunidad ay mas mahirap kaysa sa bansang pinagmulan ko, hindi lang dahil sa wika kundi pati na dahil napakasalimuot ng mga sistema dito. Bagama't tiyak na may mga pagkakaiba sa iba't ibang lungsod, sa tingin ko talaga na ang lungsod kung saan ako kasalukuyang nakatira ay gumagawa ng naaangkop na mga pagsisikap upang matulungan ang mga dayuhan nang higit pa, kaya gusto kong pasalamatan ang lungsod. (50s, babae)

atbp.

Iba pa (532 sagot)

- Kalungkutan, Pag-iisa, at Kalusugan ng Isip
 - Sa tingin ko, makabubuting magbibigay ng suporta mula sa mga psychologist at tagapayo na nakatuon sa mga isyu tulad ng kalungkutan at stress sa pag-aaral para sa parehong mga Japanese at dayuhan. (20s, babae)
 - Kamakailan ay lumipat ako sa isang lugar sa itinalagang lungsod, at dahil mas malaking lungsod ito kaysa dati, minsan ay pakiramdam kong mas nag-iisa ako. Gusto kong sumali sa mga kultural na kaganapan tulad ng mga piyesta o iba't ibang grupo, ngunit pakiramdam ko ay mas mahirap maghanap ng mga grupo rito kaysa sa lugar kung saan ako nakatira noon. Nakatira ako noon sa isang mas maliit na bayan kung saan maaari akong magtanong tungkol sa paglahok sa pamamagitan lang ng pakikipag-usap sa mga katrabaho o pagpunta sa mga piyesta. Hindi pa ako nakakahanap ng ganoong suwerte sa lugar kung saan ako nakatira ngayon. (30s, lalaki)
- Naturalisasyon
 - Salamat sa tulong ninyo. Ako ay may permanenteng paninirahan at nanirahan na ako sa Japan nang mahigit 30 taon. Pumasa ako sa antas na N1 ng Japanese-Language Proficiency Test. Bagama't mas matagal na akong nasa Japan ngayon kaysa sa bansang pinagmulan ko, mahirap at nakakaubos ng oras ang mga pamamalakad sa naturalisasyon. Magiging masaya ako kung mas madaling makukuha ang nasyonalidad bilang mamamayang Japanese (batay sa mga nakamit na domestikong aktibidad) at kung makakaboto ako sa mga halalan. (50s, lalaki)
- Iba pang Kahirapan sa Pang-araw-araw na Buhay, atbp.
 - Gusto ko na pagbawalang pumasok ang mga dayuhang gumawa ng mga krimen sa Japan. Mahirap din para sa iba pang dayuhang naninirahan sa Japan. Kinakailangan ang isang kapaligirang pang-edukasyon kung saan maaaring manirahan ang mga dayuhan habang iginagalang ang kulturang Japanese. (50s, babae)
 - Ang kasalukuyang napakahina na yen at pagtaas ng mga presyo at mga gastusin sa utility ay may malaking epekto sa buhay ng mga dayuhan. Gusto ko na may mga ipatupad na patakaran upang mapabuti ang mga buhay ng mga mamamayan, lalo na mga dayuhan, sa pinakamainam na paraan. At ang pinakamahalagang bagay ay ang itaas ang mga rate ng interes upang mapataas ang halaga ng yen. Sa tingin ko ay makakatulong ito sa pagpapanatili ng mga manggagawang naninirahan at nagtatrabaho sa Japan. (20s, babae)

atbp.